# Papel ng mga Katotohanan: Mga Aktibidad sa Pagkakaiba-iba at Pagsasama-sama sa Ilalim ng Titulo VI

Ang Opisina ng Mga Karapatang Sibil (OCR) ng Kagawaran ng Edukasyon ay nagbibigay ng papel ng mga katotohanan o fact sheet na ito upang tulungan ang mga komunidad ng paaralan, kabilang ang mga mag-aaral, magulang, pamilya, tagapagturo, at elementarya, sekondarya, at lampas-sekondaryang mga institusyong pang-edukasyon, sa pag-unawa na ang pagsasanay sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama-sama at mga katulad na aktibidad sa karamihan ng mga katotohanang pangyayari *ay* naaayon sa Titulo VI ng Civil Rights Act ng 1964 (Titulo VI).[1] Ipinagbabawal ng Titulo VI ang diskriminasyon ayon sa lahi, kulay o bansang pinagmulan sa mga programa o aktibidad ng mga tumatanggap ng Pederal na tulong pinansyal.[2] Ipinatutupad ng OCR ang Titulo VI na may paggalang sa mga tumatanggap ng Pederal na tulong pinansyal mula sa Kagawaran, kabilang ang mga Estado, distrito ng paaralan, pampublikong paaralan, at pampubliko at pribadong kolehiyo.

Ang isang paaralan o kolehiyo ay lumalabag sa Titulo VI kung sinasadya nitong pakitunguhan ng iba ang mga tao, o kung hindi man ay nagdudulot sa kanila ng pinsala *dahil sa* kanilang lahi, o kung ang isang paaralan o kolehiyo ay lumilikha o responsable sa pagkakaroon ng isang kapaligirang may poot sa lahi.[3] Umiiral ang isang kapaligirang may poot kung saan may pag-uugali na (halimbawa ay pisikal, verbal, grapiko, o pasulat) sapat na malubha, malaganap, o paulit-ulit na nakagagambala o nakalilimita sa kakayahan ng isang indibidwal na lumahok o makinabang sa mga serbisyo, aktibidad, o mga pribilehiyong ibinibigay ng isang paaralan o kolehiyo.[4] Ang panliligalig sa lahi ng mga mag-aaral ay isang uri ng pag-uugali na maaaring magresulta sa isang kapaligirang may poot na labag sa batas. Obligasyon ng paaralan o kolehiyo na tugunan ito.

Ang mga aktibidad na inilaan, sa kabuuan o bahagi, sa higit pang mga layunin tulad ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, aksesibilidad o accessibility, at pagsasama-sama ay hindi karaniwang, o ayon sa kategoriya ay, ipinagbabawal sa ilalim ng Titulo VI. Napag-alaman ng Kongreso na nasa pinakamabuting interes ng Estados Unidos na suportahan ang mga pampublikong paaralan "na boluntaryong naghahangad na pasiglahin ang makabuluhang pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral na may iba't ibang lahi at etnikong pinagmulan, simula sa pinakamaagang yugto ng edukasyon ng mga mag-aaral."[5] Kamakailan, sinabi ni Pangulong Biden na "may pakinabang ang Nasyon sa

---

[1] 42 U.S.C. § 2000d. Maliban sa mga iniaatas na ayon sa batas at regulasyon na ipinaliwanag sa dokumento, ang mga nilalaman ng patnubay na ito ay walang puwersa at epekto ng batas, at hindi naglalayong itali ang publiko nang higit pa sa kung ano ang hinihingi ng mga batas at regulasyon. Ang dokumentong ito ay para lamang sa pagbibigay linaw sa publiko patungkol sa mga umiiral na kahilingan sa ilalim ng batas. *Tignan din ang* 20 U.S.C. §§ 1232a, 1221(d).

[2] Sa buong papel ng katotohanang ito, ang "lahi" ay lahi na kinabibilangan, kulay, o bansang pinagmulan; at ang "paaralan o kolehiyo" ay karaniwang ginagamit para sa elementarya, sekondarya, at lampas- sekondaryang mga institusyong pang-edukasyon na tumatanggap ng Pederal na tulong pinansyal.

[3] *Tignan ang* Kagawaran ng Edukasyon ng U.S., Opisina ng Mga Karapatang Sibil, *Racial Incidents and Harassment Against Students at Educational Institutions*, 59 Rehistrong Pederal 11448-49 (Mar. 10, 1994); *tignan din ang Zeno v. Pine Plains Cent. Paaralan Dist*., 702 F.3d 655, 666 (2d Cir. 2012) ("Kabilang sa benepisyong pang-edukasyon ang kapaligirang pang-akademya na malaya sa anumang pagkapoot sa lahi."); *T.E. v. Pine Bush Cent. Paaralan Dist*., 58 F. Supp. 3d 332, 356 (S.D.N.Y. 2014) (parehas).

[4] *Id*.

[5] 20 U.S.C. § 7231(a)(4)(A) ("Ito ay sa pinakamahusay na interes ng Estados Unidos … na ipagpatuloy ang suporta ng Pederal na pamahalaan sa … mga lokal na ahensyang pang-edukasyon na boluntaryong naghahangad na magsulong ng makabuluhang pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral na may iba't ibang lahi at etnikong pinagmulan, simula sa pinakamaagang yugto ng edukasyon ng mga estudyanteng ito."); *tignan ang id*. § 7231(b) at (b)(3) (naglalarawan sa

pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, pagsasama-sama, at aksesibilidad" at na "ang ating pagkakaiba-iba ay isa sa mga pinakamatinding lakas ng ating bansa." [6]

Pagtukoy kung ang isang aktibidad o programa ng isang paaralan o kolehiyo - kabilang ang mga pagsisikap para sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama-sama - ay nagreresulta sa ipinagbabawal ng Titulo VI na diskriminasyon at nangangailangan ng pagtatasa sa kabuuan ng mga pangyayari sa bawat partikular na kaso.

Halimbawa, ang Titulo VI ay hindi nagbabawal, ayon sa kategorya, sa mga aktibidad gaya ng:

- pagsasanay sa pagkakakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama-sama;
- pagtuturo o pagsasanay sa epekto ng rasismo o sistematikong rasismo;
- pagsasanay sa kakayahang pangkultura o iba pang mga pagsasanay sa kawalan ng diskriminasyon;
- mga pagsisikap na tasahin o pahusayin ang klima ng paaralan, kabilang ang sa pamamagitan ng paglikha ng mga pangkat ng mag-aaral, kawani, at/o pangkat ng mga magulang, paggamit ng mga focus group ng komunidad, o paggamit ng mga survey sa klima;
- mga pagtitipon o programa ng mag-aaral na nakatuon sa paglaban sa panliligalig o laban sa panunupil o pangbu-bully;
- mga pagsisiyasat, at pagpapalabas ng mga ulat tungkol sa mga sanhi ng, hindi pagkakapareho ng lahi sa loob ng isang paaralan; o
- paggamit ng mga partikular na salita sa mga patakaran, programa, o aktibidad ng paaralan, gaya ng pagkakapantay-pantay, diskriminasyon, pagsasama-sama, pagkakaiba-iba, sistematikong rasismo, o mga katulad na termino.

Ang mga aktibidad na ito ay hindi rin lumilikha, ayon sa kategorya, ng isang may poot na kapaligiran batay sa lahi. Sa kabaligtaran nito, sa pagsang-ayon na lutasin ang mga pagsisiyasat ng OCR kung nilabag ba nila ang Titulo VI, ang mga paaralan at kolehiyo ay nagpatupad ng mga aktibidad sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama-sama, kabilang ang mga nakabalangkas sa itaas. Ito ay upang malunasan ang potensyal na naiibang pagtrato sa mga mag-aaral, magbigay ng mga pantulong na hakbang upang matugunan ang kaugaliang panliligalig, tumulong sa paglutas ng iba pang mga anyo ng diskriminasyon batay sa lahi, at pagyamanin ang mas positibo at mapagpabilang na klima sa paaralan. [7]

---

layunin ng Magnet Schools Assistance Program na "tumulong sa hindi pagkakahiwa-hiwalay o desegregasyon ng mga paaralan" sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pondong Pederal para sa "pagbuo, pagdisenyo, at pagpapalawak ng mga makabagong pamamaraan ng edukasyon at mga gawi na nagtataguyod ng pagkakaiba-iba").

[6] E.O. 14035, *Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay, Pagsasama-sama, at Aksesibilidad sa Pwersa ng mga Mangagawang Pederal*, 86 Pederal na Rehistro 34593-94 (Hunyo 25, 2021) ("Ang kautusang ito ay nagtatatag na ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, pagsasama-sama, at aksesibilidad ay mga prayoridad ng aking Administrasyon at makikinabang ang buong Pederal na Pamahalaan at ang Nasyon …"); E.O. 13985, *Pagsusulong ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Suporta para sa mga Komunidad na Kulang sa Serbisyo sa Pamamagitan ng Pamahalaang Pederal*, 86 Pederal na Rehistro 7009 (Enero 20, 2021) ("Ang pantay na pagkakataon ay ang pundasyon ng demokrasiya ng Amerika, at ang ating pagkakaiba-iba ay isa sa pinakamatinding lakas ng ating bansa.").

[7] Tignan din ang Kagawaran ng Edukasyon ng U.S., Opisina ng Pagpaplano, Pagsusuri, at Pagpapaunlad ng Patakaran, Pagsulong ng Pagkakaiba-iba at Pagsasama sa Mataas na Edukasyon: Mga Highlight ng Pangunahing Datus na Nakatuon sa Lahi at Etnisidad at Mga May-potensiyal na Kasanayan, 41 (2016) ("Nag-uulat ang mga mag-aaral ng mas kaunting diskriminasyon at pagtatangi sa mga institusiyon kung saan nila nakikitang may mas malakas na pang-institusiyunal na dedikasyon sa pagkakaiba-iba.")

Ang OCR ay responsable sa pagpapatupad ng, at sa pagbibigay ng teknikal na tulong hinggil sa Titulo VI sa mga tumatanggap, kabilang ang mga pampublikong paaralan at pampubliko at pribadong kolehiyo. Responsible din itong patuloy na masiglang isakatuparan ang misyon nito patungkol sa lahat ng Pederal na batas sa karapatang sibil sa kanyang hurisdiksyon. Upang makipag-ugnayan sa OCR para sa tulong teknikal, tumawag sa 1-800-421-3481 (TDD: 1-800-877-8339) o mag-email sa OCR@ed.gov.

Pinopondohan din ng Kagawaran ang mga rehiyonal na Equity Assistance Center, na nagbibigay ng teknikal na tulong at pagsasanay sa kahilingan ng mga lupon ng paaralan at iba pang kaugnay na ahensya ng pamahalaan sa mga isyu tulad ng panliligalig sa lahi, pagbabawas ng pagtatangi o prejudice, at iba pang mga isyu na dulot ng desegregation.[8] Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bawat rehiyonal na Equity Assistance Center ay makukuha sa https://oese.ed.gov/offices/office-of-formula-grants/program-and-grantee-support-services/training-and-advisory-services-equity-assistance-centers/equity-assistance-centers-training-and-advisory-services-contacts/.

Upang humiling ng mga walang-bayad na serbisyo sa pag-access sa wika o mga mapagkukunan, na maaaring kabilang ang pasalitang teknikal na tulong o nakasulat na pagsasalin ng impormasyon ng Kagawaran, makipag-ugnayan sa OCR@ed.gov. Kung kailangan mo ng mas higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin, tumawag sa 1-800-USA-LEARN (1-800-872-5327) (TTY: 1-800-437-0833). Para hingin ang impormasyong ito sa alternatibong format tulad ng Braille o limbag na may malalaking titik, makipag-ugnayan sa Kagawaran sa 202-260-0852 o om_eeos@ed.gov.

[8] *Tignan ang* 34 CFR Parteng 270; https://oese.ed.gov/offices/office-of-formula-grants/program-and-grantee-support-services/training-and-advisory-services-equity-assistance-centers/.